# 2024-25 Alaska Youth Risk Behavior Survey

## Form ng Pahintulot ng Magulang/Tagapangalaga

Ang Anchorage School District ay lumalahok sa Alaska Youth Risk Behavior Survey (YRBS). Ang survey ay itinataguyod ng Alaska Department of Health and Social Services. Ito ay ibibigay sa Enero-Marso 2025.

Ang YRBS ay isang di papangalanang survey na isinasagawa sa mga high school sa buong Alaska at Estados Unidos. Sasagutan ng mga mag-aaral ang survey. Binuo ng U.S. Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ang survey upang mangalap ng impormasyon tungkol sa mga asal na nauugnay sa kalusugan at kabutihan ng mga mag-aaral. Ang mga resulta ng survey ay gagamitin para malaman at tugunan ang mga alalahanin sa kalusugan ng mga kabataan sa Alaska. Ang mga Distrito ng Paaralan at mga samahan ng pamayanan ay gumagamit ng mga resulta ng YRBS upang tukuyin ang mga lumilitaw na mga isyu sa kalusugan at subaybayan ang mga pagbabago sa mga asal sa kalusugan ng pangkalahatang populasyon ng kabataan sa Alaska paglipas ng panahon. Ang mga resulta ay makatutulong din sa mga distrito ng paaralan at sa ibang mga samahan na lumikha at makakuha ng pondo para sa mga programa sa kabataan.

Pagkatapos masuri ang mga resulta, ang mga ulat ay ibinibigay sa mga distrito ng paaralan. Ang mga distrito ng paaralan ay binibigyan ng 30 araw upang suriin ang mga resulta. Pagkatapos ng pagsusuri, ibabahagi sa publiko ang mga resulta kapag hiniling. Ang mga resulta sa survey para sa mga indibidwal na mag-aaral ay hindi kailanman tinutukoy, inaanalisa, o iniuulat.

Ang survey ay ibinibigay sa paraan na protektahan ang pagiging pribado ng inyong anak. Hindi ilalagay ng mga mag-aaral ang kanilang mga pangalan o iba pang makapagpapakilalang impormasyon sa survey. Pinahihintulutan ang mga mag-aaral na laktawan ang anumang tanong na ayaw nilang sagutan. Ang lahat ng sagot ng mag-aaral ay mananatiling hindi papangalanan. Ang indibidwal na mga sagot ng mag-aaraln ay hindi kailanman pinag-aaralan o ibinabahagi sa iba. Ang mga resulta mula sa survey ay iniuulat lamang nang pinagsama-sama, halimbawa ng distrito ng paaralan o borough/lugar ng census.

Maaring tingnan ang mga resulta ng YRBS at mga talatanungan DITO

Nais naming makilahok ang lahat ng piling mag-aaral upang matiyak ang makabuluhang resulta ng survey. Kayo ang magpapasya kung lalahok ang inyong mag-aaral. Ang inyong nakasulat na pagpayag ay kailangan upang makalahok ang inyong mag-aaral. Walang magiging aksyon laban sa inyo o sa inyong mag-aaral kung hindi siya sasali.

Pakiusap na basahin ang seksyon sa ibaba. Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon at ibalik ang form sa paaralan ng inyong mag-aaral. Kung mayroon kayong anumang katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Alaska YRBS Program sa (Ingles) YRBS@alaska.gov

2024-25 Survey sa Asal sa Panganib ng Kabataan sa Alaska

[ ] OO, maaaring sumali ang aking mag-aaral sa survey.

[ ] HINDI, hindi maaaring sumali ang aking mag-aaral sa survey.

Pangalan ng Mag-aaral: ________________________________ Grado: ________

Pirma ng Magulang/Tagapangalaga: ____________________________ Petsa: _________